Kapag naihanda ang hapunan,simulan ninyo ito bago kayo magdasal na dasal na Maghrib,at huwag kayong magmadali sa inyong (pagkain ng) hapunan))

Ayon kay Anas bin Malik-malugod si Allah sa kanya-Na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Kapag naihanda ang hapunan,simulan ninyo ito bago kayo magdasal nang dasal na Maghrib,at huwag kayong magmadali sa inyong (pagkain ng) hapunan))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ibig sabihin ay kapag nailatag ang pagkain at dumating ang oras n pagdarasal,simulan ninyo ang pagkain bago kayo magdasal,kahit ang dasal na ito ay may maikling oras,at may limitadong panahon,katulad ng dasal na Maghrib,Nang sa gayon ay hindi maabala ang pag-iisip ng nagdarasal sa pagdarasal,dahil sa pagkain.Sinabi ni Abu Darda: Kabilang sa kaalaman ng Tao,ang pagtugon niya sa pangangailangan nito upang matugunan niya ang pagdarasal nito na ang puso niya ay walang laman.Isinaysay ni Imam Al-Bukharie buhat sa kanya bilang komento.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10876